



County ng San Diego COVID-19 2021 Programang Tulong sa Paupa at mga Utilidad sa Emerhensiya o Emergency Rental Assistance Program (ERAP)

Frequently Asked Questions (FAQ)

1) Ano ang 2021 Emergency Rental and Utilities Assistance Program (ERAP)?

Ang Emergency Rental and Utilities Assistance Program (ERAP) ng County ng San Diego ay tumutulong sa karapat-dapat na mga sambahayan na pinansyal na naapektuhan ng COVID-19 na pandemiko. Ang programa ay nagbibigay ng tulong sa mga nangungupahan na nangangailangan ng tulong sa pagbayad ng upa at mga utilidad.

2) Paano ako magsusumite ng isang aplikasyon para sa ERAP?

Maaari kang magsumite ng isang aplikasyon [online](#). Kung wala kang access sa internet at kailangan mo ng tulong sa pagkumpleto ng aplikasyon, tumawag sa (858) 694-4801 upang makakonekta sa isang ahente na maaaring makatulong sa iyo sa telepono.

3) Kailangan ko ba ng email address upang mag-aplay? Paano kung wala akong email address?

Kinakailangan ang isang balidong email address upang magsumite ng isang online na aplikasyon. Kung wala ka nito, maaari kang gumawa ng aplikasyon. Ang mga sumusunod ay libreng mga tagapagkaloob ng email:

- Gmail
- Yahoo
- Microsoft Outlook

Kung wala kang email address, maaaring makipag-ugnay sa (858)694-4801 para sa isang ahente upang tumulong sa online na aplikasyon sa telepono.

4) Ano ang aking gagawin kung ako ay may problema sa paglog in o sa pag-aaplay online?

Unang Hakbang: Gumawa ng isang akawnt

Ikalawang Hakbang: Kumpirmahin ang iyong nakatalang email address bago ka maglog-in at kumpletuhin ang iyong aplikasyon. Pakitsek ang iyong email at i-klik ang link sa mensahe ng pagrehistro sa email na iyong natanggap upang kumpirmahin ang iyong nakarehistrong email address.

Kung hindi mo makita ang narehistrong email na naipadala sa iyo, pakitsek ang iyong junk o spam na folder. Kung hindi mo pa rin makita ang iyong narehistrong email, i-klik ang “Resend Email Confirmation” sa link sa log-in na pahina.

Ikatlong Hakbang: Maglog-in at kumpletuhin ang iyong aplikasyon online.

- Kung nakumpirma mo ang iyong email address, ngunit hindi pa rin makalog-in, piliin ang “Forgot your password?” na link sa log-in na pahina. Itsek ang iyong email at i-klik ang link sa mensahe ng email na naipadala sa iyo upang buksan ang webpage para makagawa ng panibagong password upang makalog-in.

5) Kailangan ko ba na magbigay ng mga dokumento pangsuporta sa aking aplikasyon?

Opsyonal na magbigay ng mga patunay sa panahon ng aplikasyon, ngunit ito ay hinihikayat na ang mga dokumento ay maaaring ibigay sa aplikasyon upang masiguro ang mabilis na pagproseso. Kung ang isang aplikasyon ay napili para suriin, ang tauhan ng County ay hihiling ng mga kulang na mga pagpapatunay na dokumento.

6) Paano ako maaabisuhan kung ako ay napili?

Lahat ng mga aplikante ay aabisuhan kung sila ay napili o hindi sa pamamagitan ng email o koreo (kung hindi ibinigay ang email). Ang katayuan ng aplikasyon ay maaaring itsek sa online anumang oras.

7) Magkano ang tulong sa paupa na maari kong makwalipika?

Ang ERAP ay magbibigay ng prayoridad sa tulong sa kabayaran sa mga nangungupahan upang mabayaran ang mga huli sa kanilang upa at utilidad. Ang tulong para sa mga atraso sa pag-upa ay itinakda sa kabayaran ng 100 porsyento ng isang karapat-dapat na sambahayan na may utang sa pag-upa na naipon mula Abril 1, 2020 hanggang sa buwan ng pagsumite ng aplikasyon.

Ang mga prospektibong bayad sa pag-upa para sa isang karapat-dapat na sambahayan ay nakatakda sa 100 porsyento ng buwanang upa ng karapat-dapat na sambahayan. Maaaring magbigay ng tulong ng hanggang sa 3 buwan nang paisa-isa.

Ang isang karapat-dapat na sambahayan ay maaaring makatanggap ng hindi hihigit sa 18 buwan ng tulong pinansyal.

○ **Kung ang aking landlord ay sumang-ayon na makilahok sa programa...**

Kung sumasang-ayon ang kasero na lumahok sa programa, 100 porsyento ng iyong mga karapat-dapat na atraso at inaasahang upa ay babayaran nang direkta sa may-ari.

○ **Kung ang aking landlord ay hindi sumang-ayon na makilahok sa program...**

Hindi kailangang lumahok ang landlord sa programa. Kung tinanggihan ng may-ari ang pakikilahok sa programa, 100 porsyento ng iyong mga karapat-dapat na atraso at inaasahang upa ay babayaran nang direkta sa iyo. Ang na-update na batas ng Estado ay nangangailangan ng mga karapat-dapat na sambahayan na ibigay ang buong halaga ng mga atraso sa pag-upa sa may-ari sa loob ng 15 araw ng kalararan o business days mula sa pagtanggap ng mga pondo.

8) Kung ako ay dating nakatanggap ng ERAP na tumanggap lamang ng 80% at / o 25% na tulong sa pagrenta, makakatanggap ba ako ng karagdagang bayad mula sa County?

Ang mga nangungupahan at mga landlord na tumanggap ng nakaraang tulong ng ERAP na 80 porsyento at / o 25 porsyento ay makakatanggap ng isang karagdagang tseke mula sa County ng San Diego, upang ang kabuuang tulong ay katumbas ng 100 porsyento ng isang karapat-dapat na sambahayan na may atraso sa pagrenta at / o inaasahang upa para sa panahon na orihinal na hiniling.

9) Magiging kwalipikado ba ako para sa tulong sa atrasong upa para sa isang yunit kung saan hindi na ako nakatira?

Oo, kung ikaw ay makakapagbigay ng katibayan na mayroon kang hindi nabayarang utang sa pa-upa sa tirahan na inalis mo.

10) Kung ako ay may roommate, maaari ba kaming dalawa na mag-aplay?

Isang aplikasyon lamang kada residente ang pinahihintulutan.

11) Maaari ba akong ma-kwalipikado para sa tulong sa emerhensiya sa upa kung ako ay tumatanggap ng ibang uri ng subsidy sa paupa, tulad ng Seksyon 8, rapid rehousing assistance, o tulong sa paupa mula sa mga non-profit na mga ahensiya?

Ang mga sambahayan na kasalukuyang tumatanggap ng subsidy sa paupa tulad ng Seksyon 8, rapid rehousing assistance, o tulong sa paupa mula sa non-profit na ahensiya ay maaaring mailapat. Kailangan patunayan ng sambahayan na humiling ng tulong sa ERAP na hindi dodoble ang anumang tulong, kasama ang pederal, estado, o lokal na tulong na ibinigay sa parehong gastusin. Ang dobleng tulong ay mapapasailalim sa pagpapatunay sa County.

12) Anong mga lugar ang sakop ng ERAP?

Ang County ay magbibigay ng serbisyo sa mga indibidwal at mga pamilya sa buong rehiyon maliban sa mga lungsod ng San Diego at Chula Vista na ang kadahilanan ay ang mga lungsod na iyon ay nakatanggap ng pondo sa pamamahala sa kanilang sariling COVID-19 Emergency Rental Assistance Program.

Ang mga lugar na bibigyan ng serbisyo: uninkomperadong lugar ng San Diego at mga lungsod ng Carlsbad, Coronado,

Del Mar, El Cajon, Encinitas, Escondido, Imperial Beach, La Mesa, Lemon Grove, National City, Oceanside, Poway, San Marcos, Santee, Solana Beach, at Vista

13) Kailangan ko bang ang impormasyon ng aking landlord kapag ako ay nag-aplay?

Oo, kailangan mo ang pangalan at numero ng telepono o email address ng iyong landlord sa yugto ng aplikasyon.

14) Ano ang mga katanggap-tanggap na patunay na kailangang isumite sa aking aplikasyon?

- Ang mga aplikante ay kailangang magsumite ng kopya ng isang anumang ID na inisyu ng pamahalaan. Kung ang isang ID na inisyu ng gobyerno ay hindi magagamit, isang sertipiko ng kapanganakan na ibinigay ng gobyerno, kard ng pagkakakilanlan para sa trabaho, at lisensya / sertipiko ng kasal ay tatanggapin bilang pagpapatunay ng pagkakakilanlan.
- Kung ang photo ID ay hindi nagpapakita ng kasalukuyang address, kailangang magbigay ang aplikante ng kopya ng Photo ID at kasulatan ng singil sa utilidad o paupa na nagpapakita ng iyong pangalan at kasalukuyang address (address sa aplikasyon).
- Patunay na nagpapakita ng kawalang tatag sa pabahay o nasa panganib ng pagkaranas ng kawalan ng tuluyan tulad ng, hindi nabayarang singil sa utilidad, singil sa paupa o abiso ng ebiksyon.
- Patunay ng kita tulad ng pay stubs para sa lahat ng mga miyembro ng sambahayan na nagtrabaho, patunay ng kawalan ng trabaho, liham ng benepisyong ng CalWORKs, atbp., ay dapat maipakita ang petsa na hindi mas maaga sa nakaraang buwan ng petsa ng pagsusumite ng aplikasyon. Ang mga liham ng benepisyong ng SSI/SSA na may petsang Enero 1, 2021 ay tatanggapin.

15) Kung ako ay napili na tumanggap ng isang beses na tulong, obligado ba akong bayaran ito?

Ang isang nangungupahan ay hindi kailangang magbayad ng subsidy, ito ay isang pagkaloob.

16) Kung ako ay umuupa sa isang komersyal na paupa, ako ba ay kwalipikado?

Ang programa ay tumutulong lamang sa mga karapat-dapat na mga aplikante na may tulong sa pabahay na paupa at hindi isang komersyal na paupa. // Ano ang mga katanggap-tanggap na uri ng pag-verify na dapat isumite kasama ng aking aplikasyon?

17) Kung ako ay isang nagmamay-ari ng mobile home na may paupa sa espasyo, maaari ba akong mag-aplay sa programa?

Oo, ang programa ay tutulong sa mga karapat-dapat na mga nagmamay-ari ng mobile home na may nangungupahan ng sa espasyo.

18) Ang mga landlord ba ay maaaring mag-aplay para sa mga nangungupahan?

Ang mga landlord ay maaring mag-aplay para sa mga nangungupahan, ngunit kailangan ng nangungupahan na magco-sign. Maaaring isagawa ang co-sign nang direkta sa nangungupahan sa pamamagitan ng portal ng aplikasyon o sa isang kasulatang komunikasyong (kasama ang elektronikong) mula sa nangungupahan na tinatanggap ang aplikasyon na ibinigay ng landlord.

19) Kung ako ay naaprubahan para sa tulong sa paupa sa emerhensiya, ako ba ay karapat-dapat para sa karagdagang tulong?

Kung ikaw ay nakatanggap ng tulong sa pamamagitan ng nakaraang programa, sa pamamagitan ng County o ibang lungsod, maaari ka pa ring mag-aplay sa programa na ito.

Ang mga aplikante ay maaaring mag-aplay para sa anumang mga natitirang mga atraso mula sa pinahintulatang mga peryodiko (Abril 2020 hanggang sa buwan ng pagsusumite ng aplikasyon). Anumang atraso na nabayaran o sakop ng nakaraang mga programa ay hindi papahintulatan.

20) Kailan ko maaasahan ang aking aplikasyon na maiproseso at maibabahagi ang kabayaran kung naaprubahan?

Ang mga aplikasyon ay mabibigyan ng prayoridad para sa pagsusuri base sa ilang mga kadahilanan. Depende kung saan naisumite ang aplikasyon sa loob ng mga kategorya ng prayoridad, maaaring umabot sa 2 linggo mula noong ikaw ay nag-aplay sa County upang makagawa ng inisyal na pakikipag-ugnayan sa iyo.

Maaari kaming humiling ng karagdagang patunay at kapag ang mga iyon ay naibigay, ang aplikasyon ay masusuri. Ang proseso ay maaaring umabot ng isang linggo.

Kami ay hihiling ng impormasyon sa iyong landlord at maaaring umabot ng isang linggo upang ilikop at maiproseso.

Kapag ang aplikasyon ay naaprubahan, maaaring umabot sa dalawang linggo para sa maipamahagi ang kabayaran. Maaaring istek ng mga aplikante ang kanilang katayuan sa online portal kung saan nag-aplay at matatanggap ang pakikipag-ugnayan sa buong proseso mula sa County.

21) Paano binibigyan ng prayoridad ang mga aplikasyon?

Kasama ng Pagbibigay ng Prayoridad sa Ipinapatupad ng Pederal at Estado:

- Kita ng sambahayan na nasa o mababa ng 50% Area Median Income (AMI)
- Isa o higit isang miyembro ng sambahayan ay walang trabaho sa petsa ng pag sumite ng aplikasyon at hindi nakahanap ng trabaho sa loob ng 90-na araw mula sa petsa ng aplikasyon (ang kita ng sambahayan ay hindi kailangan nasa itaas ng 80% AMI)

Isinama ng County ang sumusunod bilang lokal na mga prayoridad:

- Nag-iisang magulang (single parent) sa sambahayan
- Equity sa Kalusugan (gamit ang pinakamababang dalawang quartiles ng Healthy Places Index o HPI upang mabigyan ng prayoridad)- mga residente na naninirahan sa mga lugar na may maliit na access sa oportunidad ng kalusugan